Ang mga sumusunod ay maaaring gawin sa pagtatatag at pangangalaga ng mga mojon ng PRS92:



- Tumulong pagaanin ang ginagawang pagsusukat sa isang lugar



- Tumulong sa pana-panahong imbentaryo at pagpapanumbalik ng mga GCPs at iba pang panandang sanggunian



- Magsagawa ng pana-panahong inspeksiyon upang malaman ang hindi-sinasadya o sinasadyang pinsalang ginawa sa mga GCPs



- Ipagbigay-alam sa NAMRIA ang pisikal na kalagayan (pagkakagalaw o pagsira) ng mga GCPs




- Maglabas ng ordinansa upang pangalagaan at panatilihin ang lahat ng nananatiling GCPs sa lugar, pati na rin ng mga angkop na batas upang siguruhin ang pakikipagtulungan ng lahat ng mga lokal na residente




- Magsagawa ng mga angkop na pamamaraang pang-inhinyerya kung sakaling ang pagkakasira ng mga GCPs ay hindi maiwasan

Dapat mayroong pakikipagtulungan upang mapangalagaan ang mga mojon. Ang DENR o Department of Environment and Natural Resources ay mayroong programang patungkol sa pag-aampon ng mga muhon ng PRS92. Nais ng programang "Adopt-a-Mojon" na mahikayat ang mga lokal na pamahalaang sektor, mga hindi pampamahalaang samahan, at ng kalahatang mamamayan sa pagtatatag at pangangalaga ng mga mojon ng PRS92. Dapat mapanatili ang masinsinang komunikasyon sa lahat ng may kinalaman upang maiwasan ang pagkakasira, paggalaw o pagkawala ng mga mojon.

May mga takdang kaparusahang naaalinsunod sa batas ukol sa paninira sa mga mojong itinatatag ng pamahalaan.




# Ang Mojon ng PRS92



DENR PRS92 Program Steering Committee
Office of the Undersecretary for Lands
Department of Environment and natural Resources
Visayas Avenue, Diliman, 1100 Quezon City
Tel No. (63-2) 929-6626 E-mail: web@denr.gov.ph
URL: www.denr.gov.ph

The PRS92 National Secretariat
Development Studies and Standards Office
National Mapping & Resource Information Authority
Lawton Ave., Fort Bonifacio, 1201 Taguig City
Tel. No. (63-2) 810-5470 E-mail: dsso@namria.gov.ph
URL: www.namria.gov.ph

Ang **mojon** ay pananda, na kadalasang gawa sa semento, na nagtataglay ng basehang-tanda ng ginawang pagsukat para malaman ang kinalalagayan o taas ng isang lugar.




Ang **mojon** ng PRS92 ay pananda ng magkauring kalipulan ng mga pambansang GCPs o geodetic control points (heodesikong basehang-tanda) o ng tinatawag na PRS92 o Philippine Reference System of 1992. Sinasakupan ng PRS92 ang mga mismong basehang tanda.







Ang mga **mojon** ay nagsisilbing hustong gabay para sa magkakasunod na pagsusukat. Lahat ng pagsusukat ay isinasangguni sa mga itinatatag na pamamaraan para sa permanenteng monumento. Ang paglalagay ng mga mojon at ng kanilang mga sangguniang palatandaan sa lupa ay napakahalaga upang mapangalagaan ang kabuuan at ganap na kawastuan ng PRS92.







Nananatiling mahalaga ang pagsusukat kung ang mga mojon ay mananatiling permanente at puwedeng gamitin. Ang mga mojon na nananatiling buo ay tumutulong pagaanin ang pagsasagawa ng mga proyekto ng pamahalaan at ng pribadong sektor na may kinalaman, halimbawa, sa:


**Pananaliksik at pag-aaral**





**Pagkilala sa hangganan**

**Paggalaw ng pang-ibabaw na bahagi ng lupa**





**Inhinyerya**

# Ang mojon ng PRS92